KRITIKE VOLUME EIGHTEEN NUMBER TWO (SEPTEMBER 2024) 19-46

Featured Article

Santo Tomas, Teyolohiya, at Pilosopiyang Kontinental

Jovito V. Cariño

Abstract: From the outset, metaphysics was already implicated in theology thorugh Aristotle's assertion of their identity. This is something refuted by St. Thomas Aquinas by clarifying that, despite their univocity, sacred theology remains different since it is derived from the Sacred Scriptures, beyond the scope of metaphysics. Despite the distinction, Aquinas is still constantly dragged in any talk about theology and metaphysics, and there are those who hold that since metaphysics no longer has a place in Western thought the same fate is also for Aquinas' metaphysical theology. However, there are those who hold an extremely different view. They contend that his theology is not metaphysical but rather resonating with the appelation of "post-metaphysical." This paper highlights these two competing views along with a re-statement of the relevance of Aquinas' intellectual legacy vis-à-vis Vatican II's *aggiornamento* campaign. This paper's argument rests on Aquinas' position on the clear boundaries between metaphysics and sacred theology. Metaphysics is important but only as a preamble to faith; it is neither the origin nor the destination of sacred theology. This important distinction is what secures a space for the thought of Saint Thomas in the contemporary intellectual discourse, be it in the local or continental context.

Keywords: St. Thomas, theology, continental philosophy, metaphysics

Sa pagdaraos ng Linggo ng Teyolohiya 2024, naatasan ako na talakayin ang paksâ ng teyolohiya kaugnay ng kontemporanyong direksyon ng pilosopiya. Sa madalîng salitâ, ang sentro ng aking panayam ay teyolohiya ngunit ang lenteng gagamitin ko sa paglalahad nito ay ang perspektibo ng disiplina na kinakatawan ko: ang pilosopiya. Dalawa sa tingin ko ang layunin ng mga nag-organisa nang ibigay sa akin ang nasabing paksâ. Una, nais nila na magkaroon ng isang interdisiplinaryong panayam tungkol sa teyolohiya at pilosopiya; pangalawa, nais din nila sariwàin sa isip ng mga dadalo ang posisyon ni Santo Tomas hinggil sa dalawang disiplinang ito, ibig

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

sabihin, na sila ay likás na magkaugnay bago sila pinaghiwalay ng panahong moderno. Sa pagbalangkas ng panayam, isinaalang-alang ko ang dalawang malaking okasyon na ginugunitâ natin sa kasalukuyan: ang mga taon ng hubileyo ni Santo Tomas (2023–2025) at ang ika-60 anibersaryo ng Pangalawang Konsilyo Vaticano (1962–1965). Malapit ang relasyon ng nasabing dalawang okasyon sa kabilâ ng problematikong bumabalot sa kanila. Kung si Santo Tomas ang itinuturing na modelo ng tambalan ng pilosopiya at teyolohiya, ang Vatican II naman ang nagsaproblema ng Tomistikong bersyon ng ugnayang ito. Kalakip ng *aggiornamento* na isinulong ng mga kinatawan sa Vatican II ang panawagan ng mga teyologo ng simbahan na huwag ikulong ang kanyang teyolohikal na bisyon sa limitadong pamantayan ng Tomismo.[1] Ito ang batayan ng ilang nagsasabi na tila isinantabi na raw ng Vatican II ang Tomistikong bersyon ng ugnayan ng pilosopiya at teyolohiya.[2] Sa katagalan, itatamà ni Papa Juan Pablo II ang pananaw na ito sa pamamagitan ng ensiklikal na *Fides et Ratio* na siyang pormal na nagdeklara ng pagkilala ng Simbahan kay Santo Tomas bílang modelo ng ugnayan ng katwiran at pananampalatayà.[3] Mahalaga ang ensiklikal ni Papa Juan Pablo II ngunit nananatilìng tanong kung nakatulong ba ito o hindî sa pagpreserba ng Tomistikong hermenyutika ng ugnayan ng pilosopiya at teyolohiya. Sa nabanggit na ensiklikal din kasi kinumpirma ng Papa ang pagkiling sa metapisika ng Katolikong intelektwal na tradisyon.[4] Maraming tanong ang binuksan ng Papa sa paninindigang ito. Sa pagbaling kay Santo Tomas at metapisika, tinuturing ba nito na magkatumbas ang dalawa? Kung ganito nga ang básа ng Papa, hindî kayâ niya pinapakitid ang interpretasyon sa kaisipan ni Santo Tomas? Paano ba dapat timbangin ang hayagang pagsunod ni Papa Juan Pablo II sa Tomismo at ang pasimpleng paglihis dito ng kanyang kahalili, si Papa Benedikto XVI? Ilan lámang ito sa mga katanungang kinakatawan ng pamagat ng panayam na "Santo Tomas, Metapisika, Teyolohiya at Pilosopiyang Kontinental." Layunin ng papel na linawin ang relasyon ni Santo Tomas sa metapisika at ang implikasyon ng relasyong ito sa Katolikong teyolohiya. Ang konteksto ng pagtalakay ay ang pilosopiyang kontinental, partikular sa ika-19 at ika-20 na siglo, ang panahon kung kailan inilunsad ang kampanya sa pagpapanariwà ng Tomismo sa

[1] Robert Royal, *A Deeper Vision: The Catholic Intellectual Tradition in the Twentieth Century* (San Francisco: Ignatius Press, 2015), 122–133.

[2] Tingnan Karim Schelkens, John A. Dick, and Jürgen Mettepenningen, *Aggiornamento? Catholicism from Gregory XVI to Benedict XVI* (Boston: Brill, 2013), 137–141. Para sa kontrang opinyon, tingnan Thomas Joseph White, "Thomism After Vatican II," in *Angelicum*, 96 (2019), 185–202, <https://www.jstor.org/stable/26753805>.

[3] John Paul II, *Fides et Ratio, on the Relationship between Faith and Reason* (Vatican City: Dicastero per la Comunicazione - Libreria Editrice Vaticana, 1998), 43.

[4] *Ibid*., 83.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

harap ng malawakang pagtalikod sa metapisika sa kontinente ng Europa, at bílang ekstensyon, sa Hilagàng Amerika. Ang kultural at intelektwal na pagbabagong ito ang sinasaksihan at hinarap ng Vatican II. Hahatìin ko ang aking panayam sa tatlong bahagì. Sa unang bahagì, maghahain ako ng maiklìng paglalahad ng relasyon ng pilosopiya at teyolohiya at kung bakit at paano ito naging problema pagdating ng ika-19 na siglo. Sa pangalawang bahagì, tutukoyin ko ang tugon sa problemang ito ng mga teyologong Tomista pati na rin ang impluwensya ng kanilang mga pananaw sa teyolohiya sa simulâ at pagkatapos ng Vatican II. Sa pangatlong bahagì, maghahayag ako ng ilang implikasyon ng mga isyung nabanggit sa pag-unawà ng ugnayan ng pilosopiya at teyolohiya dito sa Pilipinas, partikular sa pagaaral at pagtingin sa metapisika at intelektwal na pamana ni Santo Tomas. Bílang konklusyon, pagtitibayin ko ang aking argumento na hindî metapisika ang sukatan ng pananaw ni Santo Tomas alinman pilosopiya, lalò na sa teyolohiya. Ang problema hinggil sa metapisika, bagaman mahalaga, ay isa lámang intelektwal na problema. Hindî ito kapantay at lalòng hindî nito mahihigitan ang mga katanongan kaugnay ng kapakanan at kaligtasan ng tao pati na ng pagpapahayag ng Salitâ ng Diyos sa harap ng mga katanongang ito. Ito ang usapin na dapat pagtuonan ng pansin ng isang napapanahong teyolohiya.

Ang Relasyon ng Pilosopiya at Teyolohiya

Likás na may ugnayan ang pilosopiya at teyolohiya at hindî gáling ang ugnayang ito kay Santo Tomas. Sa katunayan, minana lámang niya ang tradisyong tumangkilik at nagpayabong sa ugnayang ito. Hindî rin ang mga Griyego ang nagpasimulâ nito. Hindî pa umuusbong ang pilosopiya sa Gresya, may mistulang “pilosopiya” at “teyolohiya” na na mababásа sa Vedas, Upanishads, at Bhagavad Gita pati na rin sa mga teksto ng Budhismo at Taoismo. Mababakás din ang ganitong kaisipan sa ilang sinaunang relihiyon gaya ng Zoroastranismo. Ang mga politeyistang Ehiptyano ay naniniwalà rin na ang pagaaral tungkol sa realidad ay hindî mahihiwalay sa pagtukoy sa diyos. Sa kanila natutonan ni Pitagoras ang ganitong pananaw na minana naman sa kanya ni Platon. Ang gurò ni Platon na si Sokrates ay may inilaan ding puwang sa diyos sa kanyang pamimilosopiya. Ganito rin ang makikita sa mga pilosoper na nauna kay Sokrates, ang mga tinagurîang pre-Sokratiko. Ito ang tradisyong pormal na babalangkasin ni Aristoteles sa

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

kanyang *Metapisika* kung saan niya sinabing ang pilosopiya at teyolohiya ay iisa.[5]

Sa pamamagitan ni Aristoteles, partikular ang bersyon niya na pinalaganap ng Neo-platonismo, dumaloy ang tradisyong nagtatangì sa ugnayan ng pilosopiya at teyolohiya sa Hudayismo, Islam, at Kristyanidad. Dinatnan na ito ni Santo Tomas nang magsimulâ ang kanyang akademikong karera sa kalagitnâan ng ika-13 na siglo. Gaya ng nabanggit na, hindî kay Santo Tomas nagsimulâ ang pagkilala sa tambalang ito. Kung mayroon man siyang naiambag, ito ay walâng iba kundî ang paglilinaw kung ano ang batayan ng nasabing ugnayan. Para kay Santo Tomas, bagaman magkalapít, malîng isipin na walâng anomang espasyo sa pagitan ng pilosopiya at teyolohiya. Mahalagang linawin na malaking bahagì ng tinutukoy na pilosopiya noong ika-13 na siglo ay may kaugnayan sa metapisika ni Aristoteles. Metapisika ang ginamit ni Aristoteles para ipaliwanag ang mga umiiral bílang umiiral.[6] At dahil, ayon sa kanya, ang buông sanlibutan ay umiiral gaya ng diyos, ang pag-aaral dito ay dapat humantong sa pagtukoy sa diyos na umiiral bílang pinakadakilà at pinakamataas. Ito ang dahilan kung bakit ayon sa kanya, ang metapisika mismo ay isang teyolohiya.[7] Kahit noon pang panahon ni Santo Tomas, may mga mainit nang pagtatalo tungkol sa kaisipang ito ng Griyegong pilosoper. Sa katunayan, may mga teyologo gaya ng mga Franciscanong sila San Buenaventura at William ng Ockham, pati na rin ang Dominikong si Meister Eckhart ang pinilìng lumihis sa tradisyong metapisikal ni Aristoteles.[8] Marami ang nagaakalà na dahil may mga metapisikal na ideyang hiniram si Santo Tomas kay Aristoteles, syento porsyento siyang sumasangayon sa paham na tinatawag niyang "Ang Pilosoper." Totoo ito pero hindî rin totoo. Totoo na gaya ni Aristoteles, naniniwalà si Santo Tomas na may bisà ang metapisika na ipaliwanag ang mga umiiral bilang umiiral.[9] Ngunit hindî tulad ni Aristoteles, naniniwala siya na hindî ito ang pinakamataas na syensya.[10] Ibig sabihin, para kay Santo Tomas, limitado ang potensya ng metapisika. Káya nitong ipaliwanag ang mga umiiral bílang umiiral pero hindî ang mismong pag-iral.[11] Sa kanyang

[5] Aristotle, *Metaphysics*, 1026a20–30, <https://classics.mit.edu/Aristotle/metaphysics.html>. Tingnan din F.M. Cornford, *From Religion to Philosophy: A Study in the Origins of Western Speculation (*New York: Harper Torchbooks, 1957).

[6] *Ibid*., 1003a15–25.

[7] *Ibid*., 1026a15–20.

[8] Tingnan Rik Van Nieuwenhove, *An Introduction to Medieval Theology* (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2012).

[9] Thomas Aquinas, "Prologue," in *Commentary on Metaphysics*, <https://isidore.co/aquinas/english/Metaphysics.htm>.

[10] Thomas Aquinas, *Summa Theologiae* I, q.1,a.5. <https://www.newadvent.org/summa/>.

[11] *Ibid*., I, q. 12, a.1, Reply to Obj.3.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

pananaw, magkaiba ang umiiral lámang sa mismong pag-iral.[12] Sa katunayan, lahat ng umiiral ay nakikibahagì lámang sa mismong pag-iral. Ang Diyos ay hindî "umiiral" lámang (*ens*) sapagkat siya ang mismong "pag-iral" (*esse*).[13] Para makilala ang Diyos, posibleng maging kasangkapan ang metapisika ngunit sa limitadong paraan.[14] Ang mas lubos na pagkilala sa Diyos ay magmumulâ hindî sa metapisika kundî sa pagtanggap ng pagpapahayag ng Diyos ng kanyang sarili na matatagpôan sa Banal na Kasulatan.[15] Sa madalîng salitâ, di gaya ni Aristoteles na naniniwalàng magkaugnay ang pilosopiya at teyolohiya dahil sa kanilang pagkakamukhâ, naninindigan si Santo Tomas na ang ugnayang ito ay posible dahil sa kanilang pagkakaiba. Gayonman, sa kabila ng kanilang kaibahan, hindî ikinakailâ ni Santo Tomas na pwede silang magtulongan. Sa kabuoan, hindî itinuturing ni Santo Tomas ang metapisika bílang pundasyon ng reyalidad o ng pagpapaliwanag ng reyalidad. Ang reyalidad, ayon kay Santo Tomas, ay pagpapahayag ng kabutihan ng Diyos na una niyang isiniwalat sa pamamagitan ng paglikhâ.[16] Sa isang bandá, mistulang pundasyon ang Diyos sapagkat sa kanya nagmula ang lahat; ngunit mistulang hindî rin siya pundasyon sapagkat ang Diyos bîlang Diyos ay hindî magagamit bílang isang paliwanag.[17] Sa tingin ni Santo Tomas, hindî sumasampalatayà ang tao sa Diyos sapagkat kailangan niya ng sagot sa kanyang mga tanong;[18] sa kabaligtaran, ang Diyos, gaya ng hinahayag ng aklat ni Job, ang tumatayông isang malaking tanong na humahámon sa lahat ng inaakalà ng tao.[19]

Batay sa nabanggit na, marapat na hindî isama si Santo Tomas sa bintang hinggil sa pagkakawing ng metapisika sa Diyos. Sa katunayan, mas metapisikal pa ang turing sa Diyos ng mga modernong pilosoper gaya nila Suarez, Descartes, Leibniz, at Hegel kaysa kay Santo Tomas.[20] Kahit nga sa kontra-teyolohiyang teyolohiya ni Feuerbach ay may mababakás ding metapisika.[21] Ang mga nabanggit na pilosoper ang kumakatawan sa metapisikal na ugnayan ng pilosopiya at teyolohiya dahil sa pagtingin nila sa

---

[12] Thomas Aquinas, *De Ente et Essentia*, 5. <https://isidore.co/aquinas/DeEnte%26Essentia.htm>.

[13] *Ibid*.

[14] Aquinas, *Summa Theologiae* I, q.2, a.2, Reply to Obj.1.

[15] *Ibid*., q. 1, a.2. Tingnan din Thomas Aquinas, *Summa Contra Gentiles* 1, 4. <https://isidore.co/aquinas/ContraGentiles.htm>.

[16] *Ibid*., q.44, a.4.

[17] *Ibid*., q.1, a.7, Reply to Obj. 1.

[18] *Ibid*., 5.

[19] Thomas Aquinas, *Literal Commentary on Job*, Chapter 40. <https://isidore.co/aquinas/english/SSJob.htm>.

[20] Etienne Gilson, *Being and Some Philosophers*, 2nd ed. (Toronto: Pontifical Institute of Medieval Studies, 1952), 108–153.

[21] Etienne Gilson, *The Unity of Philosophical Experience* (New York: Charles Scribner's Sons, 1952), 281–284.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Diyos bílang paliwanag. Sa hanay ng mga Europeanong pilosoper, namumukod-tangì ang ginawâng pagtanggi ni Kant kapwa sa metapisika at sa reyalidad na tinutukoy nito. Sa kanyang panukalà, binigyang-diin ni Kant na walâng reyalidad na pwedeng malaman ang tao.[22] Walâng ibang alam ang tao kundî ang akalà niyang alam niya sa reyalidad; hindî niya malalaman ang reyalidad mismo.[23] Para din kay Kant, walâng kinalaman ang Diyos o pananampalatayà sa pagbalangkas ng kaalaman.[24] Masyadong malayò ang pagitan ng isip ng tao at Diyos upang masangkot ito sa pagbuo ng mga konsepto. Walâ rin daw puwang ang Diyos sa mga epistemolohikal na mithî ng tao. Sa inpluwensya ni Kant, naging palaisipan sa mga susunod na teyoryista at iskolar ang estado ng sinasabing "reyalidad." Totoo nga bang may reyalidad? O baká naman kathâng-isip lámang natin ito? Gayonman, ang mga di-sangayon kay Kant ay patuloy sa paniniwalà na ang lahat ng pwede nating malaman ay nasa daigdig lámang at lantarang naghihintay para tuklasin natin. Kailangan lámang natin buksan ang ating mga mata at sundan ang pangunguna ng lohika at syensya. Ito ang binabandera ng mga tagapagtaguyod ng positibismo ng ika-19 na siglo. Nasa hanay ng kampanyang ito si Augusto Comte. Nang maging malabis ang pagtangkilik sa syensya ng mga gaya ni Comte at ng kanyang mga tagasunod, naging tampulan din ito ng kritika dahil sa makitid nitong pagtayâ sa halaga ng reyalidad at karanasan ng tao. Nang magmistula nang metapisika ang modernong syensya, nagkaroon ng pangangailangan na balikan ang akalà nating alam natin, sariwàin ang una nating tagpô sa reyalidad at tahakin ang landas pabalik sa orihinal na danas bago pa ito panghimasukan ng syensya. Ipinakilala ni Edmund Husserl ang ganitong pagtatangkâ sa tawag na *penomenolohiya*.[25] Alinmang panig ang piliin, positibismo man o penomenolohiya, dalawang bagay ang malinaw nating makikita: una, patuloy na naisantabi ang metapisika dahil sa inpluwensya ng dalawa; pangalawa, nadamay sa pagbuklat ng kahinàan ng metapisika ang paglantad ng sariling problema ng Katolikong teyolohiya. Kailangan samakatuwid ng isang napapanahong interbensyon upang mabigyan ang Katolikong teyolohiya ng bagong sigla sa gitnâ ng mga pasubalìng hatid ng modernidad. Minabuti ng nanunungkulang Papa noon, si Papa Leo XIII, na lumingon sa

[22] Immanuel Kant, *Critique of Pure Reason*, trans. by Paul Guyer and Allen Wood (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2000), 349.

[23] *Ibid*., 360.

[24] *Ibid*., 557–559.

[25] Para sa latag ng kasaysayan ng Kanluraning pilosopiya noong ika-19 at ika-20 na siglo, tingnan Allen W. Wood and Songsuk Susan Hahn, *The Cambridge History of Philosophy in the Nineteenth Century* (New York: Cambridge University Press, 2012) at Christian Delacampagne, *A History of Philosophy in the Twentieth Century*, trans. by M. B. DeBevoise (Maryland: The Johns Hopkins University Press, 2001).

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

aral ng nakaraan, partikular kay Santo Tomas. Kung paanong naging instrumental si Santo Tomas sa pagresolba ng mga isyung hinarap ng Simbahan noong edad medya at mga kasunod na panahon, umasa ang Papa na makatutulong pa rin ito sa pagtatanggol sa mga aral ng Kristyanong pananampalatayá sa ika-19 na siglo. Inihayag ng Papa ang kanyang panawagan sa ensiklikal na *Aeterni Patris* noong Agosto 4, 1879. Si Papa Leo XIII at ang kanyang *Aeterni Patris* ang pormal na nagbigay-daan upang makaharap ng teyolohikal na kaisipan ni Santo Tomas ang pilosopiyang kontinental.

Ang Tugon ng mga Tomista at Vatican II

Ang ensiklikal ni Papa Leo XIII na *Aeterni Patris* ang naglahad ng pagaasam para sa bagong direksyon ng Katolikong pilosopiya at teyolohiya sa harap ng malawakang pagtuligsâ ng mga intelektwal ng Europa laban sa metapisika. At dahil may pinagsalohang nakaraan ang metapisika at Katolikong teyolohiya, hindî naiwasang malagay din sa alanganin ang katayòan nito nang maging kwestyunable sa paningin ng mga modernong kritiko ang merito ng metapisika bílang syensya. Upang lunasan ang sitwasyon, nanawagan si Papa Leo XIII para sa mulîng pagbalik kay Santo Tomas bílang gabay sa pagbuô ng Katolikong tugon sa krisis na ito. Kung paanong naging timon si Santo Tomas ng dáting konseho ng Trent pati na rin ng naunang Vatican I, malakas ang kumpyansa ni Papa Leo XIII na ang mga aral ni Santo Tomas pa rin ang magsisilbing gabay ng mga Katolikong iskolar sa pagharap sa hámon ng panahong moderno. Bago mahalal, si Papa Leo XIII, o ang dáting Cardinal Gioacchino Pecci, ay aktibong kalahok na ng pagpapanariwa ng mga kaisipan ni Santo Tomas sa Italya.[26] Pormal niyang pinalawig ang adhikàng ito sa kanyang *Aeterni Patris*. Umaasa siya na sa pagsunod sa Tomistikong tradisyon, mas mapapabuti ang pagtuturò at pangangaral ng Kristyanong pananampalatayà. Walâng duda ang pagkiling ng Papa kay Santo Tomas sa kanyang ensiklikal. Isang bagay lámang ang tila iniwan nitong hindî malinaw. Ang intelektwal na debate noong ika-19 na siglo ay umiikot sa kanselasyon ng metapisika (sa ngalan ng syensya, penomenolohiya, epistemolohiya), ngunit hindî naghayag ang ensiklikal ng malinaw na tuntonin kung paano isasagawà ang pagbalik kay Santo Tomas sa gitnâ ng nabanggit nang metapisikal na krisis. Ang tanong ng iba, kung ang intelektwal na pamana ni Santo Tomas ay may bahid ng metapisika, metapisikal din ba dapat ang daan pabalik sa kanya?

[26] Joseph Louis Perrier, *The Revival of Scholastic Philosophy in the Nineteenth Century* (New Jersey: Gorgias Press, 2010), 159–160.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Ito ang problema na hindî ispisipikong tinalakay ng teksto ng ensiklikal. At dahil hindî tinukoy ito, nagkanya-kanya na lámang ang mga Tomista sa pagkamada ng kanilang tugon sa panawagan ni Papa Leo XIII ayon sa inaakalà nilang marapat na intepretasyon ng *Aeterni Patris*. Ang kanya-kanyang tugon na ito ng mga Tomista ang siyang huhubog sa anyô ng Tomismo sa kataposan ng ika-19 na siglo hanggang sa magbukás ang Vatican II. Kung nakatulong o hindî ang nasabing iba-ibang Tomistang tugon para palakasin ang Tomismo ay bagay na bibigyan natin ng linaw sa seksyong ito. Para sa malinaw na presentasyon, lilimatahan ko lámang sa tatlo ang tutukoyin kong Tomistang tugon. Sa tanong na dapat din bang balikan ang metapisika sa pagbalik kay Santo Tomas, ang tatlong naging dominanteng tugon ng mga Tomista ay (1) "oo," (2) "hindi," at (3) "magkahalòng oo at hindi."

Nangunguna para sa "oo," ibig sabihin, sa paninindigan na kalakip ng pagbalik kay Santo Tomas ang pagbalik sa metapisika ang primerong Tomista ng ika-20 na siglo, si Réginald Garrigou-Lagrange.[27] Si Lagrange ay kontemporanyong disipulo ng isa pang masugid na post-Tridentinang Tomista, si Cardinal Tomas Cayetano.[28] Si Cardinal Cayetano ay tanyag bílang primerang interpreter ni Santo Tomas sa panahong ng Repormasyon at pagkatapos ng konseho ng Trent. Kapanahon niya ang ilan pang post-Tridentinang Tomistang komentarista gaya nila Juan ni Santo Tomas at Domingo Bañez pero natatangì ang reputasyon at katanyagan ni Cardinal Cayetano. Sa katunayan, ang komentaryo ni Cardinal Cayetano ang tangìng kalakip ng aprubadong bersyon ng *Summa Theologiae* ni Santo Tomas ayon mismo sa utos ni Papa Leo XIII.[29] Bagaman magkaiba ng panahon, nagkakasundô si Cardinal Cayetano at Lagrange sa pagtatanggol ng reyalismo at intelektwal na ugnayan ni Santo Tomas at Aristoteles, o mas partikular, ng kaisipan ni Santo Tomas at metapisika ni Aristoteles. Para kay Lagrange, posible lámang maunawàan ang isip ni Santo Tomas gamit ang metapisikal na balangkas at bokabularyo ni Aristoteles. Ang metapisikal na balangkas na ito ay walàng iba kundî ang reyalismo. Inihayag ni Lagrange ang kabuôan ng kanyang pagkiling sa reyalismo ni Santo Tomas sa kanyang

[27] Cajetan Cuddy, O.P., "Introduction," in Reginald-Garrigou Lagrange, O.P., *Knowing the Love of God: Lessons from A Spiritual Master* (Illinois: Lighthouse Catholic Media, 2018), xv; Richard A. Peddicord, O.P., "Another Look at the Theological Enterprise of Réginald Garrigou-Lagrange, O.P.," in *Angelicum*, 82 (2005), 835–848, <https://www.jstor.org/stable/44616779>.

[28] Cajetan Cuddy, O.P., "Sixteenth-Century Reception of Aquinas by Cajetan," in *The Oxford Handbook of the Reception of Aquinas*, ed. by Matthew Levering and Marcus Plested (New York: Oxford University Press, 2021), 144–158.

[29] Leo XIII, *Placere Nobis, Motu Proprio* (18 January 1880), <https://www.vatican.va/content/leo-xiii/la/motu_proprio/documents/hf_l-xiii_motu-proprio_18800118_placere-nobis.html>.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

obrang *Reality: A Synthesis of Thomistic Thought*.[30] Sa nasabing akdâ, pinalawig ni Lagrange ang turò ni Santo Tomas na ang kaalaman ay nagmumulâ sa ating paggagap kung ano ang nariyan. Nagsisimulâ ang paggagap na ito sa ating pandama bago tayo makabuô ng isang ideya tungkol dito. Ang kaalaman natin tungkol sa Diyos ay nangyayari rin sa ganitong paraan. Umaasa lámang ang limitadong isip ng tao sa pahiwatig ng mga bagay na nariyan na. Kaugnay nito, anomang karanasan at kaalaman tungkol sa Diyos ay nagmumulâ sa pagdanas at pag-alam muna sa mga bagay na nakapaligid sa atin. Mahalaga ang metapisika sapagkat ito ang nagsisilbing kasangkapan para makamit ang kaalamang ito. Si Lagrange ang maituturing na primerong representante ng Neo-Tomismo, ang tawag na ibinigay sa kampanya ng pagbalik kay Santo Tomas na pinanawagan ng *Aeterni Patris*.[31] Kabílang sa mga naging estudyante ni Lagrange ay ang dáting Karol Wojtyla (na naging Papa Juan Pablo II) at ang bantog na Dominikong si Marie Dominique Chenu. Ang isa pang Dominikong teyologo na si Yves Congar ay kumikilala sa naging inpluwensya ni Lagrange sa kanyang bokasyong Dominiko.[32] Ang bantog na Tomistang si Jacques Maritain ay naging malapít din kay Lagrange bago sila pinaghiwalay ng magkaiba nilang bása kay Santo Tomas at mga politikal na pananaw.[33] Sa kabilâ ng kaugnayang ng mga nabanggit na personalidad, tíla walâ ni isa man sa kanila ang sumunod sa metapisikal na yapak ni Lagrange. Kahit ang konsepto ng metapisika ng pinaka-metapisikal sa grupong ito, si Jacques Maritain, ay mas malapit kay Bergson kaysa kay Aristoteles.[34] Sa pagdatíng ng Vatican II, ang urì ng metapisika na kinakatawan ni Lagrange ang isa mga unang isasantabi ng mga obispo.[35] Katibayan ito ng paghahanap at pagiging-bukás ng mga kinatawan ng Vatican II sa bagong perspektibo at bokabularyo na maglalapit sa Simbahan sa kasalukuyang panahon. Gayonman, sa tingin ko, hindî dapat itumbas sa naging kapalaran ng metapisika ang paghusga sa kontribusyon ni Lagrange sa pangangalagà ng Katolikong pilosopiya at teyolohiya. Ang kanyang isinulat tungkol sa mistikal na teyolohiya pati na rin ang pagharap niya sa tinagurîang "bagong teyolohiya" ay sariwâng bukal ng mga kaisipang

[30] Tingnan Reginald-Garrigou Lagrange, O.P., *Reality: A Synthesis of Thomistic Thought*, trans. by Patrick Cummins, O.S.B. (London: B. Herder Book Co., 1950).

[31] Richard Peddicord, O.P., *The Sacred Monster of Thomism: An Introduction to the Life and Legacy of Reginald Garrigou-Lagrange, O.P.* (Indiana: St. Augustine's Press, 2005), 35–36.

[32] Yves Congar, O.P., "Chapter 2, My Testimony," in *Journal of a Theologian, 1946-1956*, trans. by Denis Mins (Adelaide: ATF Press Publishing, 2015).

[33] Jacques Maritain, *The Peasant of the Garrone: An Old Layman Questions Himself about the Present Time* (New York: Holt, Rinehart and Winston, 1965), 146. Tingnan din *Ibid*., 93–100.

[34] Tingnan Jacques Maritain, *The Collected Works of Jacques Maritain: Bergsonian Philosophy and Thomism*, trans. by Mabelle L. Andison (Indiana: University of Notre Dame Press, 2007).

[35] Raymond F. Bulman and Frederick J. Parrella (ed.), *From Trent to Vatican II: Historical and Theological Investigations* (New York: Oxford University Press, 2006), 312.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

nagaanyaya sa mga Katolikong iskolar para higit pang limìin. Mapapansin ang pagkakahawig ng básа ni Lagrange kay Santo Tomas sa pananaw ng isa pang urì ng Tomismo, ang Tomismo ng Riverforest o kilala rin sa tawag na Aristotelyanong Tomismo.[36] Isa sa mga kilalang tagapagtaguyod nito ay ang manunulat at laikong Tomista na si Ralph McInerny.

Negatibo naman (ang posisyong "hindî") ang pangalawang tugon kaugnay ng metapisika at pagbalik kay Santo Tomas. Para sa grupong ito, hindî kailangan ng metapisika sa pagpapanariwà ng Tomismo. Hindî lámang hindî ito kailangan, hadlang pa ito kung tutuosin sa pagsusulong ng makabago at napapanahong pagbása sa mga aral ni Santo Tomas. Nangunguna sa pagbandera ng ganitong básа ang Heswitang si Jose Marechal at sa kanyang liderato, mas nakilala ang kinakatawan niyang grupo bílang "transendental na Tomismo." Sa pangalan pa lámang, mahihiwatigan na ang hangarin ng mga transendental na Tomista na ilapit ang pamanang intelektwal ni Santo Tomas sa dominanteng pilosopiya ng modernidad, ang epistemolohiya ni Immanuel Kant. Sa halip na iwasan, layon ng mga tagasunod ni Marechal na harapin ang pilosopiya ni Kant at ipakita ang kakulangan nito gamit ang pilosopikal na ideya ni Santo Tomas. Kabílang sa mga kahinàang ito ang turô ni Kant na hindî natin kailanman malalaman ang mga bagay na nariyan na. Hindî ko talaga malalaman kung ano ang aso. Ang tangìng alam ko ay kung ano lamang ang alam ko tungkol sa aso. Kapag tinanong mo ako kung ano ang aso, anomang depinisyon na sabihin ko sa iyo ay pahayag hindî ng natura ng aso kundî ng ideya ko tungkol sa aso. Ibig sabihin, sa pagturing ko sa kahit anong bagay, ang aking alam sa kanila ay lagìng limitado sa mga ideyang meron ako. Inilalapat ko lámang ang mga ideyang ito sa mga bagay sa paligid para palabasin na may alam ako sa kanila. Dahil sadyâng hindî ko alam kung ano talaga ang mga bagay sa mundo, ayon kay Kant, dapat na una kong tukoyin ang mga ideya sa aking isip kaysa anomang bagay. Ito ang dapat kong maging prayoridad. Una sa lahat ang pagbatid sa isip kayâ tinawag ito ni Kant na transendental.[37] Malaking inpluwensya si Kant sa kaisipan ni Marechal. Kontra kay Lagrange at iba pang Neo-Tomista, hindî siya kumbinsido na may kakayanan ang isip ng tao na alamin ang natura ng mga bagay sa mundo at sa pamamagitan nila, akyatin ang hagdan tungò sa pagkilala sa Diyos. Sa halip na sa mga bagay sa mundo magsimulâ, iminungkahi ni Marechal ang pagkilala sa Diyos (teyolohiya) na naguumpisa sa mismong paghahanap sa Diyos ng isip ng tao.[38] Hindî ang kaalaman natin sa mga bagay-bagay ang maghahatid sa atin

[36] John Knasas, *Being and Some Twentieth-Century Thomists* (New York: Fordham University Press, 2003), 9–14.

[37] Kant, *Critique of Pure Reason*, 133.

[38] Anthony M. Matteo, *Quest for the Absolute: The Philosophical Vision of Joseph Marechal* (Dekalb: Northern Illinois University Press, 1992), 64–84.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

sa Diyos; sa halip, ang ating kaalaman sa Diyos ang dapat na magbunyag sa atin ng kadakilaan at kagandahan ng mga bagay na nakapaligid sa atin. Ang Diyos bílang hindî-masusukat ang siyang dapat na maging pamantayan ng lahat ng nasusukat. Minamaliit natin ang Diyos kapag binaligtad natin ito. Halimbawà, maayos kung nakikita ang retrato ng aking anak sa kwadro dahil nga nakakwadro ito. Ang kwadro ang nagsisilbing katiyakan ng pananatilì ng retrato sa sentro. Gayonman, madalas nangyayari na napapakò lámang ang pansin natin sa retrato at hindî sa kwadro sa kabilâ ng importanteng papel nito. Payak na paglalarawan ito ng nais sabihin ni Marechal. Kung ihahambing sa kanyang púnto, ang Diyos ang kwadro at ang mga bagay sa mundo ang retrato. Mas nais niyang unahin ang pagkilala sa Diyos sapagkat ito ang madalas malimotan sa ating pagtingin sa retrato. Sa paningin ni Marechal, mas posibleng maging inklusibo at kumprehensibo ang ating pananaw sa mundo kung magsisimulâ ang ating isip sa pakikipagsapalaran nito na matagpôan muna ang Diyos kaysa sa mga bagay-bagay. Hindî lamang si Kant ang inpluwensya ng transendental na Tomismo. Makikilatis din dito ang presensya ng mga kaisipan ni San Agustin at San Buenaventura. Kabílang sa mga naimpluwensyahan ng transendental na Tomismo ay ang mga Heswitang teyologong gaya nila Karl Rahner at Bernard Lonergan. Para sa kanila, ang paglalahad ng tagpôan ng isip ng tao at ng Diyos ang siyang primerong pananagutan ng isang teyologo. Anomang kaalaman o diskurso sa pananampalataya ay sekondarya lamang dito. Isang magandang paglalarawan ng púnto ni Rahner ang panayam na "Thomas Aquinas on the Incomprehensibility of God" na ibinahagì niya sa okasyon ng ikapitong sentenaryo ng pagpanaw ni Santo Tomas. Sa nasabing panayam, agad mapapansin ang prayoridad ni Rahner sa pag-abot sa Diyos ng isip ng tao na para sa kanya ay siyang pundasyon ng isang napapanahong Tomistikong teyolohiya.[39] Inilahad din ni Lonergan ang kanyang pananaw sa Tomismo at makabagong Katolikong teyolohiya sa panayam na pinamagatang "The Future of Thomism." Sa kanyang pahayag, ispisipikong tinukoy ni Lonergan ang bagong direksyon na dapat tahakin ng Katolikong teyolohiya na bagaman lumilingon kay Santo Tomas ay dapat na umiwas na maging duplikasyon lámang ng ginawà niya noong edad medya, higit sa lahat, ng metapisika.[40] Bagaman naiiba, may kaalyado ang transendental na Tomismo

[39] Karl Rahner, "Thomas Aquinas on the Incomprehensibility of God," in *The Journal of Religion*, 58 (1978), S107–S125, <https://doi.org/10.1086/jr.58.41575984>. Tingnan din Karl Rahner, *Spirit in the World*, trans. by William Dych, S.J. (New York: Continuum, 1994); Paul Ricoeur, "'Response' to Karl Rahner's Lecture: On the Incomprehensibility of God" in *The Journal of Religion*, 58 (October 2015): S126–S131, <https://doi.org/10.1086/jr.58.41575985>.

[40] Bernard Lonergan, "The Future of Thomism," in *Collected Works of Bernard Lonergan, Volume 13, A Second Collection*, ed. by Robert M. Doran and John D. Dadosky (Toronto: University of Toronto Press, 2016), 39–47.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

sa pilosopiya ng mga gaya nina Maurice Blondel at Soren Kierkegaard pati na rin ng teyolohiya ng mga Protestanteng sila Paul Tillich at Karl Barth. Tunay na malayò ang timpla ng mga kaisipan ng mga iskolar na nabanggit ngunit kasundô nila ang transendental na Tomismo sa pagtanggi sa reyalistang metapisika. Isang Tomista ang higit na nainpluwensyahan ni Kierkegaard sa pagtalikod sa rasyonalismo at reyalistang metapisika. Ito ay si Cornelio Fabro. Nag-iisa si Fabro sa kanyang klase ng Tomismo. Sa kanyang panukalà, ang hangad ng tao na maka-isa ang Diyos ang tunay na batayan ng kanyang pagiging-ganap. Tinutolan ni Fabro ang malabis na gamit ng katwiran sa pakikipag-ugnayan sa Diyos.[41] Ito ang elementong naghihiwalay sa kanya sa tradisyonal na Tomismo ni Lagrange at ng transendental na Tomismo ni Marechal. May alingawngaw din ang tinig ni San Agustin at San Buenaventura sa mga akdâ ni Fabro, higit sa lahat, sa pagtukoy niya sa loob ng tao bìlang simulâ at sityo ng kanyang pakikipagniig sa Diyos. Mababanaagan din ang pagkakahawig ng kanyang posisyon kay Blondel dahil sa pareho nilang pagtatangì sa higit na halaga ng kalooban ng tao kaysa sa kanyang katwiran sa pakikipagkaisa sa Diyos.[42]

Ang pangatlong posisyon kaugnay ng pagbalik kay Santo Tomas ay magkahalòng "oo at hindi." Naniniwalà ang mga iskolar na nabibílang sa kategoryang ito na posibleng magkaroon ng puwang ang metapisika sa pagbalik kay Santo Tomas ngunit hindî sa paraang kasinghigpit o kasingkitid ng kinakatawan ni Lagrange. Hindî rin sila sangayon kay Lagrange sa pagturing sa metapisika bílang pangunahing konsiderasyon sa pagbalik kay Santo Tomas. Ang pagsasaalang-alang sa metapisika, ayon sa kanila, ay nakasalalay sa mga mas pundamental na pamantayan ng pagpapakilalang mulî kay Santo Tomas sa modernong panahon. Maraming mga Tomista na may iba't ibang pananaw ang maihahanay sa pangatlong posisyong ito. Una sa listahan ang mga Tomista na naninindigan na may mas pangunahing konsiderasyon ang kasaysayan sa pag-aaral kay Santo Tomas o sa Kristyanong teyolohiya. Para sa kanila, ang halaga ng metapisika sa kaisipan ni Santo Tomas ay higit na lilinaw kung sisipatin ito gamit ang perspektibo ng kasaysayan. Nangunguna sa grupong ito ang mga gaya nila Marie Dominique Chenu at ang kanyang kaibigang si Etienne Gilson. Pinag-aralan nila ang kaisipan ni Santo Tomas hindî bílang hiwalay na sistema kundî bílang isang organikong kaisipan na nakapaloob sa isang partikular na kasaysayan. Para kay Chenu, dahil historikal si Santo Tomas, hindî dapat ituring ang kanyang kaisipan bílang isang nag-iisang pamantayan ng

[41] Cornelio Fabro, *Selected Works of Cornelio Fabro, Volume 9, God (An Introduction to Problems in Theology)*, trans. by Joseph T. Papa (Maryland: IVE Press, 2017), 101–107.

[42] Maurice Blondel, *Philosophical Exigencies of Christian Religion*, trans. by Olivia Blanchette (Indiana: University of Notre Dame Press, 2021), 126–130.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

ortodoksya.[43] Para kay Gilson, kay Santo Tomas makikita ang unang tangkâ na madaig ang metapisika ni Aristoteles sa pamamagitan ng metapisika ng *esse* na, ayon sa kanya'y, pinasinayàan ni Santo Tomas.[44] Kasaysayan din ang ginamit na giya ng mga Tomistang gaya nila Yves Congar at Joseph Pieper sa kanilang pagbása kay Santo Tomas.[45] Sa kasaysayan din nakaangkla ang proyekto ni Henri de Lubac na makabuô ng isang teyolohiya na ayon sa mga kritiko ay kontra-Tomismo ngunit mapapatunayang higit na malapit sa diwà ni Santo Tomas matapos ang masusìng pagbása.[46] At dahil sa kanilang pagsisikap na makabuô ng naiibang bása kay Santo Tomas at Kristyanong teyolohiya na nakabatay sa gabay ng kasaysayan, sila Chenu, Congar, Schillebeeckx, at de Lubac ay nakaranas ng paghihigpit at pagkastigo mulâ mismo sa simbahan dahil sa suspetsang pagkompromiso sa ortodoksya. Ang prayoridad sa kasaysayan ay makikita rin sa mga akda ng mga pilosoper gaya ni G.W.F Hegel, Marx, Sartre, at R.G. Collingwood. Nakasentro rin sa kasaysayan ang pilosopikal na kaisipan ni Martin Heidegger. Sa kanyang teyorya, malinaw na mababása ang matalik na ugnayan sa pagitan ng kasaysayan at karanasan ng tao. Ang pangingibabaw ng kasaysayan sa mga pilosopikal at teyolohikal na kaisipan sa kontinente ng Europa ang nagbunsod sa isang Alemang teyologo para sabihin na pagkaraan daw ng Vatican II, ang mga pinakamahalagang tanong na dapat harapin ng Kristyanong teyolohiya ay hindî tungkol sa metapisika kundî tungkol sa relasyon ng pananampalatayà at kasaysayan. Ang Alemang teyologong ito ay si Joseph Ratzinger.[47] Ang kabalintunâan, nang siya ay maging cardinal at maging tagapamunò ng Kongregasyon para sa Doktrina ng Pananampalatayà, si Cardinal Ratzinger mismo ang nanguna sa pag-usig kay Edward Schillebeeckx nang mas ilapit nito sa kasaysayan ang kanyang bersyon ng Kristolohiya.[48] Ang pangalawang grupo na mayroon ding

[43] Marie-Dominique Chenu, O.P., *Aquinas and His Role in Theology*, trans. by Paul Philibert, O.P. (Minnesota: Liturgical Press, 2002), 127.

[44] Etienne Gilson, *Thomism: The Philosophy of St. Thomas Aquinas*, trans. by Laurence Shook and Armand Maurer (Toronto: Pontifical Institute of Medieval Studies, 2002), 137–174.

[45] Yves Congar, O.P., *A History of Theology* (Adelaide: ATF Press Publishing, 2019), 109–132; Josef Pieper, *The Silence of St. Thomas: Three Essays*, trans. by John Murray, S.J., and Daniel O'Connor (Chicago: Henry Regnery Co., 1966), 99–104.

[46] Henri de Lubac, S.J., *The Mystery of the Supernatural*, trans. by Rosemary Sheed (New York: The Crossroad Publishing Company, 1998); Jacob W. Wood, *To Stir a Restless Heart: Thomas Aquinas and Henri de Lubac on Nature, Grace, and the Desire for God* (Washington, DC: The Catholic University of America Press, 2019).

[47] Joseph Ratzinger, *Principles of Catholic Theology: Building Stones for a Fundamental Theology*, trans. by Mary Frances McCarthy, S.N.D. (San Francisco: Ignatius Press, 1987), 158.

[48] Stephan Van Erp, "Commentary," in *Concilium: International Journal of Theology* (2022), 135–136, <https://concilium.hymnsam.co.uk/media/1127/founders-issue-final.pdf>. Tingnan din Edward Schillebeeckx, *Jesus: An Experiment in Christology (The Collected Works of Edward Schillebeeckx*), Volume VI (London: Bloomsbury, 2014).

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

magkasamang "oo at hindi" na tugon sa metapisika ay ang mga Tomistang pinagtatabi ang Tomismo at penomenolohiya. Bílang isang tradisyong pilosopikal, penomenolohiya ang nangampanya, sa pamamagitan ni Edmund Husserl, na ibalik mulî sa kognisyon ng tao, ibig sabihin, sa mismong suheto, ang pundasyon ng pamimilosopiya. Kabaligtaran ito ng reyalismo ng tradisyonal Tomismo na lagìng nagsisimulâ sa mga bagay na nasa labas ng isip ng tao. Hindî naman lahat ng naging estudyante ni Husserl ay sumunod sa transendental (ibig sabihin, prayoridad sa kognisyon ng tao) na direksyon ng penomenolohiya ni Husserl. Isa sa maraming humiwalay sa pagkiling ni Husserl sa transendentalismo ay ang pilosoper gáling Polanya na si Roman Ingarden. Para kay Ingarden, hindî sapat ang epistemolohiyang transendental ni Husserl para maipaliwanag ang kabuôan ng reyalidad.[49] Isa sa mga naimpluwensyahan ni Ingarden ang kanyang estudyanteng nagngangalang Karol Wojtyla. Sa pamamagitan din niya, nakilala ni Wojtyla ang mga akdâ ni Max Scheler. Ang natutonan ni Wojtyla sa Tomistang si Lagrange, sa penomenolohistang si Ingarden, pati na rin kay Scheler, ang magiging sangkap ng kanyang personalismong penomenolohiya.[50] Isa pang penomenohilista na lumihis din sa transendental na direksyon ni Husserl ay ang kanyang dating kalihim na si Edith Stein. Kapwà may bahid ng metapisika ang pilosopikal na pananaw ni Wojtyla at Stein ngunit pareho rin silang umiiwas sa reyalistang metapisika sa pamamagitan ng kanilang desisyon na simulan ang kanilang repleksyon sa tao kaysa sa mga bagay sa mundo.[51] Maihahambing ang penomenolohikal na Tomistang kaisipan ni Wojtyla sa mga ideyang mababása sa isa pang Tomistang iskolar na si Norris Clarke.[52] Mapapansin din ang pagkakahawig ng penomenolohikal na Tomismo ni Wojtyla, Stein, at Clarke at transendental na Tomismo ni Marechal dahil pare-parehong nagmumulâ ang kanilang repleksyon sa suheto (bahagì ito ng inpluwensya ni Kant sa penomenolohiya ni Husserl). Ang pagkakaiba ng dalawa, epistemolohikal ang direksyon ng transendental na Tomismo samantalang etiko-antropolohikal naman ang sa penomenolohikal na Tomismo. Ang pangatlong grupo na bukás bagaman kritikal sa metapisika ay ang bagong-sibol na hibla ng Tomismo sa anyô ng

[49] Roman Ingarden, *On the Motives which Led Husserl to Transcendental Idealism*, trans. by Arnor Hannibalson (The Hague, Netherlands: Martinus Nijhoff, 1975), 38–43.

[50] Karol Wojtyla, *Person and Act and Related Essays (The English Critical Edition of the Works of Karol Wojtyla / John Paul II, Volume 1)*, trans. by Grzegorz Ignatik (Washington, D.C.: The Catholic University of America Press, 2021), 116–117.

[51] Edith Stein, O.C.D., *Finite and Eternal Being: An Attempt at an Ascent to the Meaning of Being (The Collected Works of Edith Stein, Volume IX)*, trans. by Kurt F. Reinhardt (Washington, D.C.: ICS Publications, 2002), 35–43.

[52] W. Norris Clarke, S.J., *Explorations in Metaphysics: Being, God, Person* (Indiana: University of Notre Dame Press, 1994), 45–64.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

analitikong Tomismo o kilala rin sa tawag na Wittgensteinianong Tomismo.[53] Sentral sa analitikong pilosopiya ang lohika at pagsusurì ng mga pangungusap ngunit sa kaso ng analitikong Tomismo, etikal ang dahilan ng pag-usbong nito. Nagsimulâ ang lahat nang ang mga Ingles na pilosoper gaya nina Elizabeth Anscombe[54] at Philippa Foot[55] ay nagtangkang dumulog sa mga kaisipan ni Aristoteles bilang pangontra sa dominasyon ng modernong etika sa kulturang intelektwal na Ingles.[56] Ang pagbáling kay Aristoteles, partikular sa kanyang pagdidiin sa papel ng mga birtud sa pagpapakatao, ang siyang naging tulay upang mapalapit ang analitikong tradisyon kay Santo Tomas. Sa kasalukuyan, ang analitikong pilosopiya ang masasabi nating isa sa mga pinaka-dinamikong sityo ng pagpapanariwà ng kaisipan ni Santo Tomas.[57] Ang mga bantog na Tomista gaya nila Brian Davies, Anthony Kenny, at Anthony Lisska ay pawang gáling sa tradisyong ito gayundin sila John Haldane, John Finnis, at Alasdair MacIntyre. Itinuturing din ni Eleonore Stump ang kanyang sarili bílang isang analitikong Tomista. Mapapailing na lámang marahil si Bertrand Russell kung mababalitàan niya kung paano pinahahalagahan ng kanyang mga kaalyado sa analitikong tradisyon ang mga ideya ni Santo Tomas na minsan na niyang kinutyâ dahil anya'y walâ raw tunay na ambag sa pilosopiya.[58] Ilan sa mga teyologong kakikitaan kapwâ ng inpluwensya ng analitikong tradisyon at Tomismo ay ang mga Dominikong Ingles na sina Herbert McCabe at Timothy Radcliffe.

Batay sa nailahad, mapapatunayan na hindî naging madalî ang kampanya na inilunsad ng *Aeterni Patris* ni Leo XIII para mapanariwà ang pag-aaral sa kaisipan ni Santo Tomas. Kinailangan ng mga Tomista na harapin at lutasin ang tanong kung bahagì nga ba ng intelektwal na pamana ni Tomas ang pagsandal sa metapisika o hindî. Ang iba-ibang tugon sa tanong na ito ang naging giya ng iba-iba ring direksyon ng Tomismo. Sa madalîng salitâ, napanariwà nga ng *Aeterni Patris* ang pag-aaral kay Santo Tomas ngunit hindî ayon sa paraan at resultang inaasahan nito. Sa halip na makabuô ang Tomistang kampo ng iisang tinig kontra modernidad,

---

[53] Fergus Kerr, *After Aquinas: Versions of Thomism* (Oxford, UK: Blackwell Publishing, 2002), 21–22.

[54] Tingnan Elizabeth Anscombe, *Human Life, Action and Ethics: Essays by G.E.M. Anscombe*, ed. by Mary Geach and Luke Gormally (Exeter: Imprint Academic, 2005).

[55] Tingnan Philippa Foot, *Natural Goodness* (Oxford: Clarendon Press, 2001).

[56] Tingan Benjamin J. B. Lipscomb, *The Women Are Up to Something: How Elizabeth Anscombe, Philippa Foot, Mary Midgley, and Iris Murdoch Revolutionized Ethics* (Oxford: Oxford University Press, 2021).

[57] Tingnan Craig Paterson and Mathhew S. Pugh (ed.), *Analytical Thomism: Traditions in Dialogue* (London: Routledge, 2006).

[58] Bertrand Russell, *The History of Western Philosophy* (London: George Allen and Unwin Ltd., 1961), 463.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

nagkahiwa-hiwalay ito sa iba-iba at minsa'y magkakasalungat na tinig. Iba-iba rin ang naging relasyon ng Tomismo sa modernidad. Ang mga komentaristang gaya ni Lagrange ay tahasang kontra dito habang ang mga gaya nila Marechal, Chenu, at Wojtyla ay handâng iangkop ito bagaman iba-iba rin ang lebel at urì ng pag-angkop na isinusulong nila. Sa gitnâ ng lahat ng ito, naroon ang dominanteng tanong tungkol sa metapisika. Ang dominanteng papel na ito ng metapisika ang siya ring magtatakdâ ng magiging direksyon ng teyolohiya bago at matapos maganap ang Vatican II. Marami ang nagsasabing tagumpay ng Simbahan ang Vatican II ngunit para sa mga direktang lumahok dito, partikular ang mga teyologo, kinakatawan ng Vatican II ang isang malaking krisis kasama na ang krisis sa Tomismo. At magpapatuloy ang krisis na ito hanggang sa matapos magsara ang konseho noong 1965. Ang pagsulpot ng iba't ibang kaisipang teyolohikal sa Pilipinas ay maituturing na bahagì ng krisis na ito. Gayunman, bagaman krisis, mayroon pa rin itong positibong epekto. Tinawag ko itong positibo sapagkat pahiwatig lagi ang krisis ng isang nagbabantâng pagbabago. Ang krisis na naguudyok na sumulong sa halip na umurong, na maghanap ng direksyon sa halip na magpakulong sa sariling alinlangan ay isang positibong karanasan. Ganito ko inilalarawan ang teyolohikal na klima sa Pilipinas matapos ang Vatican II na siya kong tatalakayin sa susunod na bahagi.

Ang Teyolohiya sa Pilipinas at Vatican II

Dalawang leksyon ang mapupulot natin sa katatapos na bahagì ng papel. Una, hindî magkatumbas o magkapareho si Santo Tomas at Tomismo; pangalawa, hindî rin magkatumbas o magkapareho ang Tomismo at metapisika. Mahalagang tandâan ang pagkakaibang ito sa pagtayà natin sa relasyon ng pamanang intelektwal ni Santo Tomas, metapisika, at Vatican II. Ibig sabihin, bagaman may nagpapalagay na winakasan ng Vatican II ang dominasyon ng Tomismo sa Katolikong teyolohiya, hindî ito dapat ipakahulugan na isinantabi na ng Simbahang Katolika ang herensya ni Santo Tomas. Kung tutuosin, hindî mismong Tomismo ang tinanggihan ng Vatican II kundî ang ugnayang nagtatalì sa Tomismo at metapisika. Ang pagtangging ito ay tugon ng Simbahan sa mga hamon ng modernidad para sa isang urî ng teyolohiya na makabuluhan at napapanahon. Tila hindî na bagay ang de-kahon at pormulaikong bokabularyo ng sinaunang teyolohiya na nakasandal sa lengwahe ng metapisika kayâ kailangang palitan ng isang teyolohiyang sasalamin sa mensahe ng Ebanghelyo at sa mithiin pati na sa saloobin ng modernong mananampalatayà. Gayonman, hindî dapat ituring ang pagtangging ito bílang isang lubusang pagtalikod sa metapisika. Kung may tinalikuran man ang simbahan, limitado ito sa isang partikular na bása sa metapisika at hindî sa kabuoan nito. Ito ang dahilan kung bakit ang mga iskolar na nagtataguyod ng penomenolohikal na Tomismo, analitikong

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Tomismo, at Aristotelyanong Tomismo ay patuloy na kumikilala sa metapisika bagaman iba na ang hermenyutika at lapit nila dito kung ihahambing sa establisyimentong Tomismo. Isang mabisàng kasangkapan ang metapisika. Hindî solusyon ang tuluyang pagsasantabi dito kung ang problema'y limitado lámang sa partikular na gamit nito. Ang paghahanap ng bagong lapat ng metapisika ang naging hámon sa mga teyologo bago at matapos ang Vatican II.

Ang paglihis sa makitid na metapisika ay maituturing natin na sangkap ng intelektwal na *aggiornamento* na ipinunlâ ng Vatican II. At gaya ng nabanggit na, ang paglihis na ito ay hindi nangangahulugan ng pagtanggi sa intelektwal na pamana ni Santo Tomas kundi higit pang pagpapasigla nito sa pamamagitan ng paglikhâ ng mga bagong hermenyutikal na espasyo na hindî kasing kitid o kasing higpit ng dati. Mayroong obserbasyon na nagsasabing ang limitadong presensya raw ni Santo Tomas sa ilang dokumento ng Vatican II gaya ng *Optatam Totius*, *Presbyterorum Ordinis*, *Gravissimum Educationis*, pati ang *Lumen Gentium* at *Gaudium et Spes* ay indikasyon ng kabigôan hindî lámang ng *Aeterni Patris* ni Papa Leo XIII kundî pati na ng mga nauna pang pahayag ng Simbahan kontra modernidad gaya ng *Pascendi Domini Gregis* ni Papa Pio X at *Humani Generis* ni Papa Pio XII. Makikita rin daw dito ang pagkatalo ng mga nagsusulong na gawing sentro ng kampanya ng *aggiornamento* ng Vatican II ang persona at mga aral ni Santo Tomas.[59] Marahil, kung ang adyenda ng mga diumano'y nagsusulong ang pagbabatayan, maituturing nga na kabigôan ang pagkawalâ ni Santo Tomas sa sentro. Ngunit kung titingnan natin ang mismong diwà at persona ni Santo Tomas bílang teyologo, makikita na ang sinasabing pagkawalâ sa sentro, sa katotohanan, ay isang malaking tagumpay para makilala natin si Santo Tomas bílang "Santo Tomas" at hindî bílang isang anito lámang ng Tomismo. Sabi nga ng Italyanong pilosoper na si Umberto Eco, kung may trahedya mang maituturing sa búhay ni Santo Tomas, hindî ito ang kanyang maagang pagkamatay kundî ang kanyang pagkakabilanggô sa Tomismo na gumamit sa kanyang pangalan at naging sanhi ng malîng akalà na siya ay isa lámang medyebal na maestrong de-kahon at konserbatibo.[60] Malayò ito sa katotohanan kung babalikan natin at titingnan ang mas malaking larawan ng naging karanasan ni Santo Tomas bílang gurò at mangangaral na walâng

[59] Tingnan Gerald A. McCool, *From Unity to Pluralism: The Internal Evolution of Thomism* (New York: Fordham University Press, 1992), 230; Aidan Nichols, *Discovering Aquinas: An Introduction to His Life, Work, and Influence* (Grand Rapids, MI: Eerdmans, 2003), 142; Joseph A. Komonchak, "Thomism and the Second Vatican Council," in *Continuity and Plurality in Catholic Theology: Essays in Honor of Gerald A. McCool, S.J.*, ed. by Anthony J. Cernera (Connecticut: Sacred Heart University Press, 1998), 53–73.

[60] Umberto Eco, "In Praise of Thomas Aquinas," in *The Wilson Quarterly*, 10 (Autumn 1986).

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

takot hinarap ang mga hamon ng kanyang sariling panahon sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan saan man ito posibleng matagpôan. Kagaya niya, maraming iskolar at eksperto ng Kristyanong pananampalatayà ang naglakas-loob ding nanindigan para sa pagpapabago sa panahong kinakailangan ito ng Simbahan. Ang mga Tomistang gaya nila Chenu, Wojtyla, Congar, Rahner, Lonergan, at iba pang gaya nilang teyologo ang naging daan upang maramdaman ang presensya ni Santo Tomas sa konseho at tulungan ang Vatican II na tuparin ang layunin kung bakit idinaos ito: ang isang makatotohanan at malawakang *aggiornamento*. Ang kanilang buháy at hindî-matatawarang ambag ang katibayan na ang presensya at diwà ni Santo Tomas ay hindî nalilimatahan lámang sa pagbanggit o paglapat ng kanyang pangalan sa teksto o dokumento. Aktibong nakisangkot si Santo Tomas sa *aggiornamento* ng Simbahan sa pamamagitan ng mga ekspertong piniling sundan ang kanyang inspirasyon at halimbawà bílang teyologong hindî takot sa *iba* at *bago* at laló̀ng hindî marunong magkubli lámang sa awtoridad ng palagìan o nakasanayan.

May isa ring Filipinong Dominiko at teyologo na naniniwalang hindî kinansela si Santo Tomas ng Vatican II sa kabilâ ng minimalistang presensya nito sa mga pinal at opisyal na dokumento. Ang Filipinong Dominiko at teyologong ito ay si Arsobispo Leonardo Z. Legaspi na siya mismong pinararangalan ng taonang "Linggo ng Teyolohiya" sa pangangasiwà ng Faculdad ng Sagradong Teyolohiya; Instituto ng Relihiyon; at Sentro sa Teyolohiya, Relihiyosong Aralin, at Etika ng Unibersidad ni Santo Tomas. Isa si Arsobispo Legaspi sa una, kung hindî man pinakauna, na naghayag ng kritikal na reaksyon laban sa mga nagbubunyî sa inaakalà nilang pagsasantabi ng Vatican II kay Santo Tomas. Sa kanyang artikulong "The Actual Validity of St. Thomas' Teachings" na nalathalà sa *Philippiniana Sacra* noong 1966 o isang taon matapos isara ang Vatican II, pinabulaanan ng mabuting obispo ang bintang hinggil sa diskoneskyon ni Santo Tomas sa kasalukuyang sibilisasyon.[61] Ayon sa kanya, ang magaspang na kritika kay Santo Tomas o sa kanyang mga aral ay resulta kapwà ng malî at kulang na pagbása tungkol sa kanya at sa kanyang mga ginawâ ng mga bumabatikos sa kanya. Kung babasahin lámang mabuti at susurìin nang mas malapitan kapwà ang proyekto ng Vatican II at ang intelekwal na bayograpiya ni Santo Tomas, mas malinaw na makikita kung paaano nagkakaugnay ang dalawa. Ang pananaw na ito ni Arsobispo Legaspi ay mababanaagan din sa mga púnto na inihayag ni P. Yves Congar at ang kasalukuyang rector ng Angelicum sa Roma at kahihirang na maestro ng teyolohiya, si P. Joseph

[61] Leonardo Z. Legaspi, O.P., "The Actual Validity of St. Thomas' Teachings," in *Philippiniana Sacra*, 1 (1966).

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

White.[62] Ilan sa binanggit ni Obispo Legaspi ang pagbalik sa Banal na Kasulatan at turò ng mga Ama ng Simbahan, pagpapahalaga sa liturhiya at sakramento, paglingap sa karanasan at kapakanan ng tao, pati na rin ang pagtatampok ng isang urì ng eklesyolohiya na nakabatay sa isang masinop na Kristolohiya.[63] Ang lahat ng ito na nilalaman ng mga dokumento ng Vatican II ay pinagsikapang talakayin at isinulong din ni Santo Tomas sa kanyang buong karera bílang maestro at teyologo. Malamáng hindî ito batid ng mga kritiko ni Santo Tomas sapagkat nasanay silang ikahon ito sa kanilang prehuwisyo laban sa metodo at bokabularyo ng iskolastisismo. Mahalaga ang mga púnto na inihain ni Arsobispo Legaspi dahil itinatanyag nito ang isang problemang hindî kailâ sa atin ngunit hindî rin naman natin masyadong nabibigyang pansin. Ito ang problemang makikita sa mga teyologo, akademiko, at iskolar pabor man o kontra kay Santo Tomas: ang problema ng pagaakalà na sapat na ang alam natin kay Santo Tomas pero hindî palá. At dahil hindi natin siya ganap na kilala, anomang sabihin tungkol sa kanya ay alinman sa labis o sadyâng manipis. Gaya ng madalas mangyari, lagìng ikinakawing ang pangalan ni Santo Tomas kay Aristoteles, sa metapisika, sa iskolastisismo, sa limang paraan ng demonstrasyon ng pag-iral ng Diyos at, sabi nga ni Arsobispo Legaspi, maging sa hulemorpismo.[64] Ang ganitong labis at kulang na pagkilala kay Santo Tomas ay nadagdagan pa ng kolonyal na bagahe dito sa Pilipinas. Maraming iskolar na kritikal sa Simbahang Katolika ang tumitingin kay Santo Tomas at Tomismo bílang instrumento ng kolonyalisasyon kayâ dapat daw itaboy o purgahin sa ating pambansâng kamalayan.[65] Madalas malimutan ng mga naturang kritikong iskolar na ang nagpasimulâ ng nasyonalistang tradisyon sa bansâ ay Tomista at Tomasino: si Padre Jose Burgos. Si P. Burgos ang maitututuring natin na isa sa pinakauna, kung hindî man ang mismong pinakaunang kinatawan ng isang pinasiglang Tomismo na sinimulang gamitin sa Unibersidad ni Santo Tomas ni P. Zeferino Gonzalez bago pa malathala ang *Aeterni Patris* noong 1879.[66] Si P. Gonzalez, na naging gurò ni P. Burgos kapwa sa pilosopiya at teyolohiya, ay kinikilalang isang mahalagang pwersa sa pagsusulong ng makabagong pedagohiya at hermenyutika sa mga aral ni Santo Tomas hindî

[62] White, "Thomism After Vatican II," 194. Sinipì ni White ang pananaw ni Congar sa 187–188.

[63] May pagkakahawig ang sinasabi ni Obispo Legaspi sa ilang púnto ni Congar. Tingnan Yves Congar, O.P., *The Mystery of the Church*, trans. by A.V. Littledale (Baltimore: Helicon Press, 1960), 97–117.

[64] Legaspi, "The Actual Validity of St. Thomas' Teachings," 223.

[65] Hiwalay kong tinalakay ang tema ito sa isa pang papel, Jovito V. Cariño, "For the Love of (Local) Wisdom: University, Thomism, and Filipino Thought," in *Kritike*, 18 (March 2024), 88–114, <https://doi.org/10.25138/18.1.a4>

[66] Fidel Villaroel, O.P., *A History of the University of Santo Tomas: Four Centuries of Higher Education in the Philippines (1611–2011)*, Volume II (Manila: UST Publishing House, 2012), 93–95.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

pa man inihahayag ni Papa Leo XIII ang kanyang ensiklikal.[67] Sa kasamâang-palad, walâng naiwang akademikong sulatin si P. Burgos na magsisilbi sanang ispesimen ng Tomismo na ipinása sa kanya ng kanyang dakilàng maestro.[68] Malagim ang sinapit ni P. Burgos ngunit saksi ang kasaysayan na hindî Tomismo ang pumaslang sa kanya kundî ang mapamuksâng kolonyal na politika. Sa katunayan, kalahok siya sa pagpapasigla ng Tomismo sa Pilipinas na sinimulan ni P. Zeferino Gonzalez bago ito naantalà ng iba't ibang yugtô ng kasaysayan gaya ng pagsiklab ng Himagsikan noong 1896, ng digmaan sa pagitan ng Pilipinas at Amerika sa bungad ng ika-20 na siglo at ng pagsakop ng mga Hapon sa bansâ sa kalagitnâan ng panahong ito. Ang lahat ng mga historikal na kabanatàng ito ay may inpluwensya sa estado at direksyon ng teyolohiya sa bansâ. Ganito rin ang masasabi sa kalagayan ng teyolohiya at Tomismo sa Pilipinas nang ipatupad dito ang mga reporma ng Vatican II sa pagitan ng dekada sisenta at sitenta. Dominante noon ang teyolohiya ng liberasyon at ang nasyonalistang diskurso bílang kritika sa mga karahasan at kahirapang bunga ng pagpapatupad ng batas militar sa ilalim ng dating rehimeng Marcos. Ang reyalidad kakawing ng sitwasyong ito ang naging batayan ng iba-ibang hibla ng teyolohikal na tradisyon na namamayanì noon. Sa isang hibla, ang radikal at progresibong tradisyon, maihahanay ang mga gaya ng Heswitang si P. Romeo Intengan, ang Dominikong si P. Pedro Salgado, at ang dáting parìng SVD na si Edicio de la Torre. May tradisyon din na naghahangad na gawing mas maka-Filipino ang timpla ng teyolohiya na siyang isinusulong ng mga gaya nina P. Catalino Arevalo, P. Leonardo Mercado, P. Salvador Beltran, P. Dionisio Miranda, P. Vitaliano Gorospe, at ang laikong teyologong si Prop. Jose de Mesa. Mayroon ding hibla ng isang maka-babaeng lapit sa teyolohiya at espiritwalidad na mababakás sa mga naisulat at abogasya nila Sr. Mary Christine Tan, Sr. Mary John Mananzan, Ceres Doyo, at pati na rin ang ang dating propersor ng Unibersidad ng Pilipinas na naging kontemplatibong madre, si Josefina Constantino. Nangunguna naman ang mga pangalan nila P. Anscar Chupungco at P. Eduardo Hontiveros sa pagsusulong ng maka-Filipinong teyorya at praktika ng liturhiya. Mayroon ding ilang banyagang teyologo na

[67] *Ibid*., 61–66.

[68] John N. Schumacher, S.J., "The Burgos Manifiesto: The Authentic Text and Its Genuine Author," in *Philippine Studies*, 54:2 (2006), 153–304, <https://www.philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/view/157/166>; John N. Schumacher, S.J., "The Authenticity of the Writings Attributed to Father Jose Burgos," in *Philippine Studies*, 18:1 (January 1970), 3-51, <https://philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/view/2092/5118>; Luis Ma. Araneta, "The Works of Father Jose Burgos," *Philippine Studies*, 7:2 (April 1959), 187–193, <https://philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/view/3032/5652>. See also John N. Schumacher, S.J., *Father Jose Burgos: A Documentary History (With Spanish Documents and Their Translation)* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999).

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

walâ mang dugông-Filipino ay kakikitaan ng malinaw at masiglang maka-Filipinong sensibilidad sa kanilang mga teyolohikal na akdâ. Sa ganitong karakter nagtatagpô ang mas eksperimental na teyolohikal na metodo ni P. Lode Wostyn at ang mas konserbatibong lapit nila P. Fausto Gomez at P. Joseph de Torre. Nakakabit naman sa pangalan ni Obispo Claver ang positibong bunga ng pagpapakalat ng basic ecclesial communities. Sa ganang kanya, itinalaga naman ni Arsobispo Legaspi ang kanyang pagaaral at praktika ng teyolohiya sa katekesis at eklesyolohiya.[69] Si Arsobispo Legaspi ang nanguna sa matagumpay na pagdaraos ng Pangalawang Plenaryong Konseho sa Pilipinas.[70] Maituturing ang Pangalawang Plenaryong Konseho sa Pilipinas na katibayan at tagumpay ng teyolohikal na bisyon ni Arsobispo Legaspi na ipinunlâ ng Vatican II at ng kanyang intelektwal at espiritwal na debosyon kay Santo Tomas.

Sa konteksto ng tema ng Linggo ng Teyolohiya 2024, may matutukoy tayong dalawang dahilan kung bakit mahalagang banggitin ang Pangalawang Plenaryong Konseho ng Pilipinas. Una, kinakatawan nito ang artikulasyon ng isang lokal na teyolohiya na hindî mababasa sa mga dokumento ng Vatican II. Hindî kataka-taka kung walâ mang banggit ang lokal na teyolohiya sa Vatican II dahil mas unibersal nga ang saklaw nito. Ang tukoy nito ay *aggiornamento* sa Simbahan sa pangkalahatan. Ang pagsasalokal ng nasabing *aggiornamento*, partikular ang pagbalangkas ng angkop na teyolohiya, ay magmumulâ sa lokal na Simbahan gaya ng sinikap buoin ng Pangalawang Plenaryo Konseho ng Pilipinas sa ilalim ng liderato ni Arsobispo Leonardo Z. Legaspi. Kayâ nga maituturing ang pagdaraos ng konsehong ito bílang katuparan ng mithîin ng Vatican II at katuparan din ng eklesyal na bisyon ng butihing arsobispo. Pangalawa, kinakatawan din ng Pangalawang Plenaryo ng Pilipinas ang katuparan ng maka-Simbahang adhikà ni Arsobispo Legaspi na ayon sa kanyang nabanggit na artikulo noong 1966 ay matutukoy din sa bokasyon ni Santo Tomas. Noon pa mang edad medya, mahihiwatigan na kay Santo Tomas ang hangarin para isang urì ng eklesyal na pagbabago na may batayang Kristolohikal, biblikal, liturhikal, at pastoral. Saksi ang iba't ibang akdâ ni Santo Tomas na makapagpapatunay sa kanyang dinamikong ideya ng pagbabago at tradisyon. Ang palagay samakatuwid na nagsasabing ang kaisipan ni Santo Tomas ay nakakahon lámang sa mga konsepto at bokabularyo ng iskolastisismo gaya ng sinasabi ng mga Neo-Tomista ay isang misrepresentasyon ng yaman, lawak, at lalim ng isang progresibong iskolarsyip na marka na ng búhay-relihiyoso ni Santo

[69] Tingan Leonardo Z. Legaspi, O.P., *Passion for Catechesis* (Manila: UST Publishing House, 2007); Leonardo Z. Legaspi, O.P., *Katekismo ki Maria* (Naga: Archdiocese of Caceres, 2009); Leonardo Z. Legaspi, O.P., *The Church We Love* (Manila: University of Santo Tomas, 1997).

[70] Tingnan Catholic Bishops' Conference of the Philippines, *Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines (20 January–17 February 1991)* (Manila: CBCP, 1992).

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Tomas mulâ pa noong una. Sabi nga ng Franses na Dominikong si Marie Dominique Chenu, ang mismong pasya ni Santo Tomas na maging Dominiko ay isang malinaw na pahiwatig ng kanyang pagyakap at pagkikiisa sa progresibong espirito ng tagapagtatag ng mga Dominiko, si Santo Domingo.[71] Si Santo Domingo, kasabay ni San Francisco, ang naglatag ng direksyon para sa bagong ebanghelisasyon na patuloy umaalingawngaw sa iba't ibang pahayag ng mga Papa gaya ng *Evangelii Nuntiandi* ni Papa Pablo VI, ang *Redemptoris Missio* ni Papa Juan Pablo II at *Evangelii Gaudium* ni Papa Francisco. Ang kaparehong diwà ng bagong ebanghelisasyon ang naging inspirasyon ni Santo Tomas upang ilaan ang kanyang sarili sa urì ng pangangaral na sadyâng ibang-iba noong edad medya hanggang sa ngayon. Mulâ sa kanyang komentaryo sa *Sentences*, hanggang sa kanyang *Summa Contra Gentiles* at *Summa Theologiae*, sampô ng kanyang mga *disputatio*, *quodlibetales*, at mga Biblikal na komentaryo, masigasig na nag-ambag si Santo Tomas ng kanyang makakaya para isulong ang pagpapasigla sa Simbahan. Ang eklesyal na dimensyong ito ng bokasyon ni Santo Tomas ang mababakás sa kanyang imahen na ipininta ni Paolo Veneziano (1300–1365)[72] at Carlo Crivelli (1430–1495)[73] na nagpapakita kay Santo Tomas na hawak ang modelo ng simbahan sa kanang kamay at isang búkas na aklat naman sa kaliwà. Ito ang Santo Tomas na tinutukoy ni Arsobispo Legaspi na tila hindî kilala ng karamihan. Gaya ng mga pinta ni Veneziano at Crivelli, ipinapaalala ni Obispo Legaspi na ang tunay na *aggiornamento*, ang tunay na pagbabago, ay dapat magtampok sa Simbahan at hindî ng kaninomang pangalan, kahit na ng pangalan ni Santo Tomas. Para sa isang frayle at maestro na nasanay ikubli ang kanyang pangalan at persona sa likod ng kanyang mga akdâ, hindî rin mamatamisin ni Santo Tomas kung siya ang pagtuonan ng ating pansin sa halip na ang katotohanan na kanyang binibigkas. Ito ang binabanggit ng Tomistang si Josef Pieper na "katahimikan" ni Santo Tomas na siyang bukal ng kanyang mga isinulat at siya ring susì sa pagunawà sa kanyang mga akdâ.[74] Kayâ kung tila nawalâ man sa eksena si Santo Tomas o ang Tomismo sa mga dokumento ng Vatican II, higit niya marahil itong ikalulugod. Hindî ito nangangahulogan na walâ siyang iniambag o hindî na siya kailangan. Batid ni Santo Tomas na lingkod lámang siya ng Simbahan.[75] At kung ang

[71] Chenu, O.P., *Aquinas and His Role in Theology*, 10–11.

[72] Paolo Veneziano, "Panel of an Altarpiece: Saints Thomas Aquinas, John the Evangelist, Paul, and Dominic (1937.33)," painting at the Harvard Art Museums, <https://hvrd.art/o/230775>.

[73] Carlo Crivelli, "Saint Thomas Aquinas (NG788.9)," painting at The National Gallery, London, <https://artuk.org/discover/artworks/saint-thomas-aquinas-115245>.

[74] Pieper, *The Silence of St. Thomas*, 38–41.

[75] Kahit ang iskolar ng eklesolohiya na si Yves Congar ay nagsasabing ang kanyang motto bílang Dominikong mangangaral at teyologo ay hangò kay Santo Tomas batay sa sipì nito sa winikà San Hilario sa *Summa Contra Gentiles* 1, 2. Tingnan Yves Congar, O.P., "Reflections on

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Simbahan ang maging tanyag sa halip na ang kanyang pangalan, para sa kanya, mas karapat-dapat itong tingnan bílang tagumpay. Higit pa sa Tomismo si Santo Tomas. At laló̀ng higit pa sa Tomismo ang kanyang pamanang iniwan. Ito ang pamana na, para kay Arsobispo Legaspi, ay dapat nating sariwàin at balikan.

Konklusyon

Ang relasyon ng teyolohiya at pilosopiya bílang metapisika ay isa sa mga kumplikado at problematikong bahagì ng pilosopiyang kontinental. Sa panayam na ito, sinikap nating itampok ang naging hakbang ni Santo Tomas para linawin na ang kaisahan ng dalawa ay nakabatay hindî sa kanilang pagkakamukhâ kundî sa sa kanilang pagkakaiba. Kinailangang gawin ni Santo Tomas ang paglilinaw na ito upang higit na itampok ang pagiging natatangì ng sagradong teyolohiya. Parehong nalimutan ng mga tagasunod at kumokontra kay Santo Tomas na siya, una sa lahat, ay isang maestro ng teyolohiya kaya malîng ikulong o ikahon ang kanyang kaisipan sa mga kategorya ng metapisika kahit na ginamit niya ang mga konsepto at bokabularyo nito. Ang bintang na si Santo Tomas ay naiwan na ng panahon sapagkat walâ nang metapisika ay magkakabisà lámang kung mapapatunayan na pinapaboran niya ang metapisika kaysa teyolohiya o kayâ itinuturing niya na patas ang dalawa. Ganito ang naging kahinàan ng Neo-Tomismo na sinikap namang ituwid ng ibang kampo ng mga Tomista. Ang naging kapalaran ng Tomismo pagdating ng Vatican II ay repleksyon ng nagbabagong pagpapahalaga kay Santo Tomas. May nagsasabing tandâ ito ng paghinà ng kanyang inpluwensya; may iba naman, gaya ni Arsobispo Legaspi, na tinitingnan ito bílang paanyaya upang maging pamilyar tayo hindî lamang sa metapisika o pilosopiya ni Santo Tomas kundî, higit sa lahat, sa madalas maisantabing mga aspekto ng kanyang teyolohiya. Isang teyolohiya ito na, ayon kay Arsobispo Legaspi, ay Kristolohikal at eklesyal, maliban sa pagiging liturhikal at pastoral. Sa diwà at inspirasyon, samakatuwid, nanatilìng kaugnay si Santo Tomas sa *aggiornamento* na tinaguyod ng Vatican II, pati ng Pangalawang Konsehong Plenaryo ng Pilipinas. Napatunayan natin ito sa iba't ibang ambag ng iba't ibang Tomista na nagbigay sa atin ng pagkakataon na mas makilala ang iba't ibang dimensyon ng kaisipan ng Dominikong maestro. Mahalaga ang metapisika ngunit gaya ng nailahad na, hindî ito ang una at hulíng salitâ sa teyolohiya ni Santo Tomas.

Being a Theologian," in *New Blackfriars*, 62 (October 1981), 405–409, <https://doi.org/10.1111/j.1741-2005.1981.tb03309.x>.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Department of Philosophy
Center for Theology, Religious Studies, and Ethics
University of Santo Tomas, The Philippines

References

Anscombe, Elizabeth, *Human Life, Action and Ethics: Essays by G.E.M. Anscombe*, ed. by Mary Geach and Luke Gormally (Exeter: Imprint Academic, 2005).

Aquinas, Thomas, *De Ente et Essentia*, <https://isidore.co/aquinas/DeEnte%26Essentia.htm>.

_____, *Literal Commentary on Job*, <https://isidore.co/aquinas/english/SSJob.htm>.

_____, *Summa Contra Gentiles*, <https://isidore.co/aquinas/ContraGentiles.htm>.

_____, *Summa Theologiae* <https://www.newadvent.org/summa/>.

_____, *Commentary on Metaphysics*, Prologue, <https://isidore.co/aquinas/english/Metaphysics.htm>

Araneta, Luis Ma., "The Works of Father Jose Burgos," *Philippine Studies*, 7:2 (April 1959), 187–193, <https://philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/view/3032/5652>.

Aristotle, *Metaphysics*, <https://classics.mit.edu/Aristotle/metaphysics.html>.

Blondel, Maurice, *Philosophical Exigencies of Christian Religion*, trans. by Olivia Blanchette (Indiana: University of Notre Dame Press, 2021).

Bulman, Raymond F. and Frederick J. Parrella (ed.), *From Trent to Vatican II: Historical and Theological Investigations* (New York: Oxford University Press, 2006).

Cariño, Jovito V., "For the Love of (Local) Wisdom: University, Thomism, and Filipino Thought," in *Kritike,* 18:1 (March 2024), 88–114, <https://doi.org/10.25138/18.1.a4>

Catholic Bishops' Conference of the Philippines, *Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines (20 January–17 February 1991)* (Manila: CBCP, 1992).

Chenu, Marie-Dominique. O.P., *Aquinas and His Role in Theology*, trans. by Paul Philibert, O.P. (Minnesota: Liturgical Press, 2002).

Clarke, W. Norris, S.J., *Explorations in Metaphysics: Being, God, Person* (Indiana: University of Notre Dame Press, 1994).

Congar, Yves, *A History of Theology* (Adelaide: ATF Press Publishing, 2019).

_____, "Chapter 2, My Testimony," in *Journal of a Theologian, 1946–1956*, trans. by Denis Mins (Adelaide: ATF Press Publishing, 2015).

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

_____, "Reflections on Being a Theologian," in *New Blackfriars*, 62:736 (October 1981), 405–409, <https://doi.org/10.1111/j.1741-2005.1981.tb03309.x>.

_____, *The Mystery of the Church*, trans. by A.V. Littledale (Baltimore: Helicon Press, 1960).

Cornford, F.M., *From Religion to Philosophy: A Study in the Origins of Western Speculation (*New York: Harper Torchbooks, 1957).

Crivelli, Carlo, "Saint Thomas Aquinas (NG788.9)," painting at The National Gallery, London, <https://artuk.org/discover/artworks/saint-thomas-aquinas-115245>.

Cuddy, Cajetan, O.P., "Introduction," in Reginald-Garrigou Lagrange, O.P., *Knowing the Love of God: Lessons from A Spiritual Master* (Illinois: Lighthouse Catholic Media, 2018).

_____, "Sixteenth-Century Reception of Aquinas by Cajetan," in *The Oxford Handbook of the Reception of Aquinas*, ed. by Matthew Levering and Marcus Plested (New York: Oxford University Press, 2021), 144–158.

de Lubac, Henri, S.J., *The Mystery of the Supernatural*, trans. by Rosemary Sheed (New York: The Crossroad Publishing Company, 1998).

Delacampagne, Christian, *A History of Philosophy in the Twentieth Century*, trans. by M. B. DeBevoise (Maryland: The Johns Hopkins University Press, 2001).

Eco, Umberto, "In Praise of Thomas Aquinas," in *The Wilson Quarterly*, 10:4 (Autumn, 1986), 78–87, <https://www.jstor.org/stable/40257057>.

Fabro, Cornelio, *Selected Works of Cornelio Fabro, Volume 9, God (An Introduction to Problems in Theology)*, trans. by Joseph T. Papa (Maryland: IVE Press, 2017).

Foot, Philippa, *Natural Goodness* (Oxford: Clarendon Press, 2001).

Gilson, Etienne, *Being and Some Philosophers*, 2nd ed. (Toronto: Pontifical Institute of Medieval Studies, 1952).

_____, *Thomism: The Philosophy of St. Thomas Aquinas*, trans. by Laurence Shook and Armand Maurer (Toronto: Pontifical Institute of Medieval Studies, 2002).

_____, *The Unity of Philosophical Experience* (New York: Charles Scribner's Sons, 1952).

Ingarden, Roman, *On the Motives which Led Husserl to Transcendental Idealism*, trans. by Arnor Hannibalson (The Hague, Netherlands: Martinus Nijhoff, 1975).

John Paul II, *Fides et Ratio, on the Relationship between Faith and Reason* (Vatican City: Dicastero per la Comunicazione - Libreria Editrice Vaticana, 1998).

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Kant, Immanuel, *Critique of Pure Reason*, trans. by Paul Guyer and Allen Wood (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2000).

Kerr, Fergus, *After Aquinas: Versions of Thomism* (Oxford, UK: Blackwell Publishing, 2002).

Knasas, John, *Being and Some Twentieth-Century Thomists* (New York: Fordham University Press, 2003).

Komonchak, Joseph A., "Thomism and the Second Vatican Council," in *Continuity and Plurality in Catholic Theology: Essays in Honor of Gerald A. McCool, S.J.*, ed. by Anthony J. Cernera (Connecticut: Sacred Heart University Press, 1998), 53–73.

Lagrange, Reginald-Garrigou, O.P., *Reality: A Synthesis of Thomistic Thought*, trans. by Patrick Cummins, O.S.B. (London: B. Herder Book Co., 1950).

Legaspi, Leonardo Z., O.P., *Katekismo ki Maria* (Naga: Archdiocese of Caceres, 2009).

_____, *Passion for Catechesis* (Manila: UST Publishing House, 2007).

_____, "The Actual Validity of St. Thomas' Teachings," in *Philippiniana Sacra*, 1 (1966).

_____, *The Church We Love* (Manila: University of Santo Tomas, 1997).

Leo XIII, *Placere Nobis*, *Motu Proprio* (18 January 1880), <https://www.vatican.va/content/leo-xiii/la/motu_proprio/documents/hf_l-xiii_motu-proprio_18800118_placere-nobis.html>.

Lipscomb, Benjamin J. B., *The Women Are Up to Something: How Elizabeth Anscombe, Philippa Foot, Mary Midgley, and Iris Murdoch Revolutionized Ethics* (Oxford: Oxford University Press, 2021).

Lonergan, Bernard, "The Future of Thomism," in *Collected Works of Bernard Lonergan, Volume 13, A Second Collection*, ed. by Robert M. Doran and John D. Dadosky (Toronto: University of Toronto Press, 2016), 39–47.

Maritain, Jacques, *The Collected Works of Jacques Maritain: Bergsonian Philosophy and Thomism*, trans. by Mabelle L. Andison (Indiana: University of Notre Dame Press, 2007).

_____, *The Peasant of the Garrone: An Old Layman Questions Himself about the Present Time* (New York: Holt, Rinehart and Winston, 1965).

Matteo, Anthony M., *Quest for the Absolute: The Philosophical Vision of Joseph Marechal* (Dekalb: Northern Illinois University Press, 1992).

McCool, Gerald A., *From Unity to Pluralism: The Internal Evolution of Thomism* (New York: Fordham University Press, 1992).

Nichols, Aidan, *Discovering Aquinas: An Introduction to His Life, Work, and Influence* (Grand Rapids, MI: Eerdmans, 2003).

Paterson, Craig and Mathhew S. Pugh (ed.), *Analytical Thomism: Traditions in Dialogue* (London: Routledge, 2006).

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Peddicord, Richard A., O.P., "Another Look at the Theological Enterprise of Réginald Garrigou-Lagrange, O.P.," in *Angelicum*, 82:4 (2005), 835–848, <https://www.jstor.org/stable/44616779>.

_____, *The Sacred Monster of Thomism: An Introduction to the Life and Legacy of Reginald Garrigou-Lagrange, O.P.* (Indiana: St. Augustine's Press, 2005).

Perrier, Joseph Louis, *The Revival of Scholastic Philosophy in the Nineteenth Century* (New Jersey: Gorgias Press, 2010).

Pieper, Josef, *The Silence of St. Thomas: Three Essays*, trans. by John Murray, S.J., and Daniel O'Connor (Chicago: Henry Regnery Co., 1966).

Rahner, Karl, S.J., *Spirit in the World*, trans. by William Dych, S.J. (New York: Continuum, 1994).

_____, "Thomas Aquinas on the Incomprehensibility of God," in *The Journal of Religion*, 58 (1978), S107–S125, <https://doi.org/10.1086/jr.58.41575984>.

Ratzinger, Joseph, *Principles of Catholic Theology: Building Stones for a Fundamental Theology*, trans. by Mary Frances McCarthy, S.N.D. (San Francisco: Ignatius Press, 1987).

Ricoeur, Paul, "'Response' to Karl Rahner's Lecture: On the Incomprehensibility of God," in *The Journal of Religion*, 58 (October 2015), S126–S131, < https://doi.org/10.1086/jr.58.41575985>.

Royal, Robert, *A Deeper Vision: The Catholic Intellectual Tradition in the Twentieth Century* (San Francisco: Ignatius Press, 2015).

Russell, Bertrand, *The History of Western Philosophy* (London: George Allen and Unwin Ltd., 1961).

Schelkens, Karim, John A. Dick, and Jürgen Mettepenningen, *Aggiornamento? Catholicism from Gregory XVI to Benedict XVI* (Boston: Brill, 2013).

Schillebeeckx, Edward, *Jesus: An Experiment in Christology (The Collected Works of Edward Schillebeeckx*), Volume VI (London: Bloomsbury, 2014).

Schumacher, John N., S.J., *Father Jose Burgos: A Documentary History (With Spanish Documents and Their Translation)* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999).

_____, "The Authenticity of the Writings Attributed to Father Jose Burgos," in *Philippine Studies*, 18:1 (January 1970), 3-51, <https://philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/view/2092/5118>.

_____, "The Burgos Manifiesto: The Authentic Text and Its Genuine Author," in *Philippine Studies*, 54:2 (2006), 153–304, <https://www.philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/view/157/166>.

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Stein, Edith, O.C.D., *Finite and Eternal Being: An Attempt at an Ascent to the Meaning of Being (The Collected Works of Edith Stein, Volume IX)*, trans. by Kurt F. Reinhardt (Washington, D.C.: ICS Publications, 2002).

Van Erp, Stephan, "Commentary," in *Concilium: International Journal of Theology* (2022), 135–136, <https://concilium.hymnsam.co.uk/media/1127/ founders-issue-final.pdf>.

Van Nieuwenhove, Rik, *An Introduction to Medieval Theology* (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2012).

Veneziano, Paolo, "Panel of an Altarpiece: Saints Thomas Aquinas, John the Evangelist, Paul, and Dominic (1937.33)," painting at the Harvard Art Museums, <https://hvrd.art/o/230775>.

Villaroel, Fidel, O.P., *A History of the University of Santo Tomas: Four Centuries of Higher Education in the Philippines (1611–2011)*, Volume II (Manila: UST Publishing House, 2012).

White, Thomas Joseph, "Thomism After Vatican II," in *Angelicum*, 96 (2019).

Wojtyla, Karol, *Person and Act and Related Essays (The English Critical Edition of the Works of Karol Wojtyla / John Paul II, Volume 1)*, trans. by Grzegorz Ignatik (Washington, D.C.: The Catholic University of America Press, 2021).

Wood, Allen W. and Songsuk Susan Hahn, *The Cambridge History of Philosophy in the Nineteenth Century* (New York: Cambridge University Press, 2012).

Wood, Jacob W., *To Stir a Restless Heart: Thomas Aquinas and Henri de Lubac on Nature, Grace, and the Desire for God* (Washington, DC: The Catholic University of America Press, 2019).

© 2024 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/18.2.fa2
https://www.kritike.org/journal/issue_35/carino1_september2024.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND